

Viskase Asia Pacific Corp.  
Viskase Sales Philippines Inc.  
TERMS AND CONDITIONS OF SALES  
Effective 17 January 2023

Ang mga Terms and Conditions of Sale na ito ay sasaklaw sa mga benta (sales) ng Viskase Sales Philippines Inc. at/o Viskase Asia Pacific Corp. ("**Viskase**") sa kanyang mga Buyers. Anuman at lahat ng goods o serbisyo na ibinibigay ng Viskase sa Buyer ay masasaklaw ng Terms and Conditions of Sale na ito, maliban na lang kung ang Viskase at ang Buyer ay parehong pumasok sa isang definitive na kontrata para sa mga goods o serbisyo na may Acknowledgement, na pirmado ng isang authorized representative ng Viskase, at kapag nangyari ito ay magwawagi ang mga terms and conditions ng nasabing kontrata na hindi naaayon sa Terms and Conditions of Sale na ito. Maaaring magbigay ang Viskase ng alternatibo o supplemental na Terms and Conditions sa isang Buyer nang may Acknowledgement nito. Sa ganitong sitwasyon, ang anumang dagdag na terms o anumang terms sa alternatibo o supplemental na Terms and Conditions na hindi naaayon sa Terms and Conditions of Sale na ito, ay ang siyang masusunod. Anumang dagdag na terms o mga terms na isinama sa anumang purchase order o iba pang dokumento na dineliver ng Buyer na hindi naaayon sa mga Terms and Conditions of Sale na ito, o sa anumang alternatibo o supplemental Terms and Conditions of Sale na galing sa Viskase, ay hindi pinapayagan ng Viskase, at hindi maitatali si Viskase.

\* \* \*

**1. GENERAL.** Ang Terms and Conditions of Sale na ito ("**T&Cs**") ay sasaklaw sa pagbili ng mga produkto ng Buyer ("**Buyer**") mula kay *Viskase Sales Philippines Inc. and/or Viskase Asia Pacific Corp. ("**Viskase**")* at ang pagbebenta ni Viskase ng mga produkto kay Buyer. Ang Buyer ay nakatukoy sa anumang kasamang quotation, credit application, proposal, order acknowledgement, o invoice ("**Sales Confirmation**"). Tinatanggap ng Buyer ang mga T&Cs sa pamamagitan ng pagpirma ng quotation ng Viskase at pagbalik nito kay Viskase, pagpapadala ng purchase order bilang pagtugon sa quotation, pag-uutos kay Viskase na i-ship ang produkto, o pagtanggap ng produkto mula kay Viskase. Ang anumang karagdagan o ibang terms na kasama sa anumang purchase order o iba pang dokumento na dineliver ng Buyer ay hindi pinapayagan ng Viskase, at hindi maitatali si Viskase, maliban na lamang kung ang Viskase ay tahasang pumayag sa pamamagitan ng isang sulat (in writing) mula sa isang authorized representative ng Viskase. Ang simula ng performance o shipment ng lahat o anumang produkto na in-order ng Buyer, ay bukod tanging masasaklaw ng T&Cs ng Viskase, at hindi kailanman magiging pagtanggap ng anumang terms maliban sa terms ng Viskase, kung hindi nauna nang pinayagan ng isang authorized representative ng Viskase, sa pamamagitan ng pagsulat (in writing).

**2. ACKNOWLEDGMENTS.** Walang order ang makakatali kay Viskase hangga't sa tanggapin ito ni Viskase sa opisyal na acknowledgment form nito, nang nakasulat (in writing), ng isang authorized representative ng Viskase, sa pamamagitan ng facsimile, o email.

**3. PRICE AND TERMS.** Ang mga presyo at terms na nakasaad sa T&Cs na ito ay maaaring magbago nang

walang pasubali, hangga't sa ang isang product order ay tinanggap ng Viskase. Ang mga presyo sa mga order na tinanggap na ay hindi na mababago. Ang mga presyo ng Viskase, terms ng pagbabayad at pag-deliver sa shipment date, ay ang siyang masusunod sa pagbebenta ng produkto na nasa shipment. Karagdagan sa purchase price, babayaran ng Buyer kay Viskase ang halaga ng lahat ng buwis ng gobyerno, mga excise, at/o iba pang mga singilin (maliban na lang sa mga buwis sa, o nasusukat sa pamamagitan ng, net income) na maaaring kailanganing bayaran ng Viskase, na may kinalaman sa paggawa, pagbenta, o transportation ng anumang produktong nai-deliver, maliban na lamang kung may ibang sinasabi ang batas ukol dito.

**4. PAYMENT.** Ang mga bayad na hindi ginawa sa nakatakdang petsa ay aani ng late charges na 1.5% bawat buwan. Bukod pa dito, babayaran ng Buyer si Viskase para sa anumang gastusin ng Viskase sa pag kulekta ng anumang past due amounts, kasama na ang court fees, out-of-pocket expenses, at attorneys' fees.

**5. DELIVERY.** Lahat ng produkto ay ipapadala nang FOB sa warehouse ng Viskase. Lahat ng costs of freight ay sasaguin ng Buyer. Susubukan ni Viskase na gampanan ang anumang shipment o delivery date na sasabihin ng Buyer, pero hindi kailanman magiging responsable o liable si Viskase kung hindi nito mapadala ang produkto sa isang partikular na petsa.

**6. CANCELLATION AND CHANGE OF ORDER.** Hindi na maaaring kanselahin, ipa-defer ang pag-deliver, o baguhin ang quantities o specifications, ng anumang order na ginagawa na ng Viskase.

**7. RETURNS AND SHORTAGES.** Hindi maaaring maibalik ang anumang produkto nang walang tahasan, nakasulat, at paunang pahintulot ni Viskase. Ang mga request para ibalik ang produkto ay dapat gawin ng Buyer sa loob lamang ng thirty (30) days matapos maipadala. Hindi maaaring ibalik ang anumang printed o non-standard na produkto. Ang anumang return na tinanggap ng Viskase ay kailangang nasa orihinal na kondisyon, at nasa mga carton na walang sira. Ang pagtanggap ni Viskase ng delivery ng mga authorized return ay hindi nangangahulugang waiver ng anumang karapatan o remedy ng Viskase kung sakaling ang mga binalik na produkto ay hindi naaayon sa mga nasabing alituntunin. Ang mga return na naaayon sa mga alituntunin ay magiging credit sa mga susunod na bibilhin ng Buyer mula kay Viskase, sa presyong ibinayad ng Buyer, per hindi kasama ang mga freight charges both ways, at ang standard restocking at/o repacking charge(s) ni Viskase. Ang anumang singil ng Buyer para sa anumang kakulangan ay kailangan gawin ng buyer sa loob ng ten (10) days ng pagkakatanggap ng produkto.

**8. SELLER'S LIABILITY.** Wina-warrant ni Viskase na ang produktong i-dineliver sa ilalim ng Sales Confirmation at ng T&Cs na ito, ay naaayon sa standard specifications o standards ng Viskase, para sa nasabing produkto. Wina-warrant din ni Viskase na ang nasabing produkto ay maayos ang pagkakatanggap sa container, pagkakabalot at pagkaka-label, at sumasang-ayon sa

mga promises at affirmations of fact na nasa container at label. *ANG WARRANTY NA NAKASAAD SA TAAS AY ANG NATATANGGING WARRANTY NA MAY KINALAMAN SA NASABING PRODUKTO. WALANG ANUMANG EXPRESS O IMPLIED WARRANTIES NA MAY KINALAMAN SA NASABING PRODUKTO, MALIBAN SA MGA NAKASAAD SA TAAS, AT TAHASANG TINATANGGI NI VISKASE ANG ANUMANG WARRANTIES, EXPRESS O IMPLIED, KASAMA NA ANG ANUMANG WARRANTY OF MERCHANTABILITY O FITNESS FOR ANY PARTICULAR OR SPECIFIC PURPOSE.*

Ang pagtanggap ni Buyer ng anumang produkto na dineliver ayon sa T&Cs na ito at Sales Confirmation, ay itinuturing na isang unqualified acceptance ng Buyer, at isang waiver ng Buyer ng anumang claims na may kinalaman sa nasabing produkto, maliban na lamang kung ang Buyer ay magbibigay ng written notice kay Viskase sa loob ng thirty (30) days matapos matanggap ang produkto. Sagot ng Buyer ang anumang risk at liability para sa mga resulta na makukuha sa paggamit ng anumang produktong nai-deliver. *NAUNAWAAN NI VISKASE AT PUMAPAYAG ITO NA ANG ANUMANG LIABILITY NI VISKASE, MAGING MULA SA KONTRATA, SA TORT, SA ILALIM NG WARRANTY O HINDI, AY HINDI HIHIGIT SA PURCHASE PRICE NA BINAYARAN NG BUYER AT HINDI KAILANMAN MAGIGING LIABLE SI VISKASE PARA SA SPECIAL, INDIRECT, O CONSEQUENTIAL DAMAGES. ANG BUYER AY HINDI MAAARING MAGSAMPA NG ANUMANG ANUMANG ASUNTO (ACTION) NA PUMAPATUNGKOL SA TRANSACTION NA ITO, KUNG ITO AY LAMPAS NA NG ISANG TAON MULA NG MAI-DELIVER ANG PRODUKTO.*

**9. LICENSES.** Ang pagbili ng produkto mula kay Viskase ay hindi nagbibigay kay Buyer ng express o implied license sa anumang Viskase patents, trademarks, know-how, o iba pang intellectual property, na siyang nananatiling sole and exclusive property ni Viskase sa lahat ng panahon.

**10. OVERRUNS AND UNDERRUNS.** Ang mga overruns o underruns ng hanggang fifteen percent (15%) ay itinuturing na wastong pagganap ng lahat ng mga order at hindi maaaring ituring ito ng Buyer bilang noncompliance ni Viskase sa anumang Sales order o confirmation. Sa lahat ng panahon, ang customer ay sisingilin ni Viskase (at si customer ay dapat magbayad) para sa actual volumes/quantities na idineliver ni Viskase.

**11. FORCE MAJEURE.** Si Viskase ay hindi magiging liable kung ang pag-perform nito ay naging imposible o impraktikal dahil sa mga act of God o ibang pangyayari na labas na sa reasonable control ni Viskase. Kasama, ngunit hindi limitado, sa mga pangyayaring ito ang mga sunog, bagyo, pagbaha, lindol, mga riot, giyera, sabotaje, acts of terrorism o iba pang civil disturbances, mga aksidente, labor disputes, tigil trabaho, court injunctions, transportation embargoes, shortages o delays sa pag-kuha ng mga produkto, imbentaryo, o packaging products, o access sa transportation services or facilities, maging dahil sa supply chain disturbances o hindi, mga pandemya, endemics, o iba pang global health crises na inanunsyo ng World Health Organization at/o ng Centers for Disease Control and Prevention, o anumang acts, regulations o iba pang requirement ng federal, state, county, municipal, o local governments or branches, o mga subdivisions or agencies nito.

May karapatan si Viskase na i-omit ang lahat o anumang parte ng quantity ng produktong dapat i-deliver sa panahon kung kelan nangyari ang naturang force majeure occurrence. Ang nasabing in-omit na quantity ay ibabawas sa total quantity na inorder kung sa opinyon ni Viskase, ay impractical na i-supply ang total demand para sa anumang produkto, nang dahil sa nasabing force majeure occurrence. Si Viskase ay may karapatan na i-allocate ang available supply nito sa kanyang mga customer at para sa sariling pangangailangan ni Viskase, kung tingin ni Viskase na kinakailangan. Si Viskase ay hindi kailanman magiging obligadong bilhin ang produkto mula sa ibang parties para lamang matugunan ang pag-deliver ng produkto sa Buyer, kahit pa ang nasabing pagbawas ay substantial at magiging dahilan ng pagkansela ng transaksyon.

**12. SUSPENSION OF CREDIT/SHIPMENT.** Bukod pa sa ibang remedy ni Viskase, maaari din kanselahin ni Viskase ang kasunduan ng pagbebenta kay Buyer o kaya ay suspendihin ang anumang product deliveries, o kaya ay gawing kondisyon ng pag-deliver ang advance payment, kung ang Buyer ay hindi sumunod sa payment terms ni Viskase na nakasaad sa T&Cs na ito o anumang kasunduan kay Viskase, o kung si Viskase ay magkaroon ng anumang duda sa financial responsibility ni Buyer.

**13. ARTWORK AND PLATES.** Lahat ng artwork, composition, at printing ay ginagawa ni Viskase o para kay Viskase, sa utos ni Buyer. Si Buyer ang sumasalo ng lahat ng liability para sa infringement ng mga copyrights at trademarks, kung meron man, at pumapayag na depensahan at panatilihin walang pinsala si Viskase sa anumang costs, damages, o expenses, kasama na ang attorneys' fees, na maaaring maging resulta ng pag-akto ni Viskase bilang nasabing ahente ni Buyer.

Si Viskase lamang ang may-ari ng lahat ng printing plates, maging orihinal o replacements, at si Buyer ay walang karapatang mag may-ari ng nasabing mga plates kahit na parte o lahat ng orihinal na cost ay sinagot ng Buyer. Kung ang nasabing mga plates ay hindi nagamit ng tatlong (3) taon, ni-rereserba ni Viskase ang kaparatan upang sirain ang nasabing mga plates nang walang paunawa sa Buyer at nang walang liability. Ang mga -proposed layout designs ay nangangailangan ng pahintulot ni Viskase.

**14. GOVERNING LAW.** Ang validity, interpretasyon, at performance nitong transaksyon sa pagitan ni Buyer at Viskase ukol sa pagbenta ng produkto kay Buyer ay sumasailalim sa mga batas ng Republic of the Philippines.

**15. VENUE:** Anumang asuntong (action) isasampa na may kinalaman sa, o nanggagaling sa mga T&Cs na ito at anumang Sales Confirmation, ay isasampa sa mga korte ng [lugar], Philippines lamang, at hindi maaaring isampa sa kahit ano pang ibang lugar (venue). Ganunpaman, nauunawaan at pumapayag si Buyer na ang mga remedies at law para sa isang breach or threatened breach ng anuman sa mga T&Cs na ito, o anumang Sales Confirmation, ay maaaring hindi sapat at, dahil dito, pumapayag si Buyer na si Viskase ay mayroong karapatan na i-enforce ang mga terms ng T&Cs na ito o anumang Sales Confirmation at kahit ano sa mga provisions nito, sa pamamagitan ng pag-kuha mula sa isang court of competent jurisdiction ng injunction, specific performance o anumang equitable relief, nang walang prejudice sa anumang ibang karapatan at remedies na mayroon si Viskase.]

**16. TITLE AND RISK OF LOSS, DAMAGE, OR DESTRUCTION.** Ang titulo sa produkto, risk of loss, damage, o destruction ng produkto ay mapapasa sa Buyer sa oras na i-deliver ni Viskase ito sa isang carrier o kaya

sa oras ng shipment nito sa Buyer sa warehouse ni Viskase.

**17. TYING CHARGES.** Lahat ng tying charges ay para sa mga serbisyo ng tie service na pinili ng Buyer. Anumang karagdagang freight na may kinalaman sa tying services ay sasagutin ni Buyer.

**18. INDEMNITY.** Si Buyer ay pumapayag na iindemnipika at panatalihing walang pinsala si Viskase, ang mga affiliate nito, at kahit sino sa mga officers, directors, empleyado, ahente, authorized representatives, successors, assigns, at contractors nito, mula sa lahat ng uri ng mga claims, liabilities, losses, damages, at expenses, na maaaring magresulta o manggaling sa mga T&Cs na ito, o anumang Sales Confirmation at anumang goods o serbisyo na sakop nito. Kasama sa naturang indemnipikasyon ang bayad para sa lahat ng attorneys' fees at iba pang costs na gagastusin ni Viskase sa pag depensa sa nasabing mga claims. Si Buyer ang sasagot para sa loss, destruction, o damage sa, lahat ng mga tools, equipment, at iba pang personal property ni Viskase, sinomang subcontractor ni Viskase, o sinomang empleyado o ahente ni Viskase.

**19. MISCELLANEOUS.** Ang mga T&Cs na ito at anumang Sales Confirmation ay naglalaman ng buo at kumpletong kasunduan sa pagitan ni Viskase at Buyer ukol sa pagbenta at pagbili ng mga produkto, at pinapalitan ang anumang nakaraang kasunduan o pagkakaunawaan ukol sa nasabing pagbenta at pagbili ng mga produkto, maging nakasulat man o binigkas, express or implied. Hindi maaaring i-assign ni Buyer ang kanyang order, ang T&Cs na ito o anumang Sales Confirmation o anumang conditions o anumang karapatan o interes dito, o anumang ibang obligasyon na nagmumula dito, nang walang nakasulat na pahintulot ni Viskase. Ang mga T&Cs na ito ay hindi maaaring baguhin nang walang nakasulat na pahintulot ng isang authorized representative ni Viskase. Anumang waiver ni Viskase ng anumang breach ng mga T&Cs na ito ay kailangang nakasulat, and anumang nasabing waiver ay hindi ituturing na waiver ng anumang iba pang breach.